# At ayon kay Abdullah bin Am`r bin Al-A`s-malugod si Allah sa kanilang dalawa-nagsabi siya: Nagsabia sa akin ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( O Alipin ni Allah, huwag kang maging tulad ni pulano,dati ay tumitindig(nagdadasal) sa gabi,Hanggang sa iniwan na niya ang pagtindig(pagdasal) sa gabi.)) Saheh ni Imam Al-Bukharie

At ayon kay Abdullah bin Am`r bin Al-A`s-malugod si Allah sa kanilang dalawa-nagsabi siya: Nagsabia sa akin ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( O Alipin ni Allah, huwag kang maging tulad ni pulano,dati ay tumitindig(nagdadasal) sa gabi,Hanggang sa iniwan na niya ang pagtindig(pagdasal) sa gabi.))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Pinapa-ingat ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-si Abdullah bin Amr,tungkol sa pag-iwan sa dasal na pang-gabi tulad ng ginawa ni pulano mula sa mga tao,at hindi niya binanggit ang pangalan nito bilang pagtakip sa kanya,at nararapat sa isang Muslim na mabalaan mula sa pagdidiin sa pagsamba at pagtatalaga sa sarili na higit sa makakaya nito mula sa pananampalataya,at sinuman ang gumawa nito,mapupuksa siya ng relihiyon nito dahil sa dami ng mga gawain at pananampalataya,at ang magiging huling mangyayari sa kanya,ay ang walang kakayahan at ang pagputol( sa pagsamba).Sapagkat si Allah-pagkataas-taas Niya,ay nag-obliga sa mga lingkod niya ng mga tungkulin mula sa pananampalataya sa takdang-oras na wala sa ibang oras,bilang pagpapagaan at habag,At sapagkat ang tao,kapag kinuha nito ang layunin,mananatili ang gawain nito,at magagawa niyang gampanan ang lahat ng mga karapatan.,karapatan ni Allah-pagkataas-taas Niya,at karapatan ng sarili,at karapatan ng pamilya at mga kasamahan sa pamamaraan na magaan at maluwag, At sinabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(( Ang pinaka-ibig sa mga gawain para kay Allah,ay ang palagian nito,maging ito ay iilan lang.))[804],kayat mararapat sa tao na magkaroon siya ng pag-alala sa gabi sa abot nitong makakaya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee